



SULONG!

Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI

www.cardmri.com | Tomo 3 Bilang 4 | Oktubre-Disyembre 2016

CARD MRI nagdiwang ng ika-30 taong paglaban sa kahirapan

ni RAFFY ANTES

Nagdiwang ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ng ika-30 anibersaryo noong Disyembre 10, 2016 sa CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) na dinaluhan nina Bise-Presidente Leni Robredo at Sen. Paolo Benigno “Bam” Aquino IV.

Nagsimula ang CARD sa pagbibigay sa isang komunidad na nakatuon sa pagsasanay at mga programang tumutulong sa pangkabuhayan ng mga walang lupa na mga *coconut worker* sa San Pablo City, Laguna.

Makalipas ang 30 taon, ▶ 2



Kasama sina Flordeliza Sarmiento (CARD MRI Deputy Managing Director), Dr. Jaime Aristotle B. Alip (CARD MRI Founder and Managing Director), Dr. Dolores M. Torres (CARD MRI Senior Management Adviser) at ang mga pinakaunang miyembro ng CARD MRI na tinatawag na 89K o 89Kababaihan, dumalo sina Vice-President Leni Robredo at Senator Bam Aquino bilang mga panauhing pandangal ng ika-30 anibersaryo ng CARD MRI.

KALUSUGAN

Serbisyong Medikal ▶ 5

MICROINSURANCE

Microinsurance ▶ 8
Caravan

STOCKHOLDERS' SECTION

Bukas na liham ▶ 10

INTERNATIONAL NEWS

CARD MRI SEA IG ▶ 12

Mga Natatanging Kawani ng CARD MRI, pinarangalan

ni RICA DE CHAVEZ

Kinilala at pinarangalan ang mga Natatanging Kawani ng CARD MRI para sa taong 2016, noong ika-8 ng Disyembre, 2016. Sila ang mga napiling kawani na nagpamalas ng kahusayan at matinding dedikasyon upang makatulong sa pagtupad ng layunin ng CARD MRI.

Tumanggap ng titulong Natatanging Kawani Gold sa

Account Officer Category si Cecil T. Faburada ng Rizal Bank, Inc. (Dumaguete Unit) samantalang si Gemessel E. Ladaga naman ng CARD, Inc. (Barobo Unit) ang nagwagi sa Admin/Support Staff Category. Pinarangalan ng Natatanging Kawani Silver si Madonna T. Ponce ng CARD SME Bank, Inc. (Lipa 5B Unit) at kinilalang Natatanging Kawani

Bronze naman si Annabell B. Tangkoy ng CARD Bank, Inc. (Matina 1 Unit). Tumanggap ang bawat isa sa kanila ng *cash prizes, all-expense paid trip for three, gift certificates mula sa BotiCARD* at Mga Likha Ni Inay, at plake.

Kinilala rin ang mga napiling Natatanging Kawani para sa bawat institusyon na kalahok.

▶ 3



Kinilala si Cecil T. Faburada bilang National Winner ng Natatanging Kawani Awards 2016. Pinarangalan siya nina Elma B. Valenzuela (RBI President and CEO), Flordeliza Sarmiento (CARD MRI Deputy Managing Director) at Dr. Jaime Aristotle B. Alip (CARD MRI Founder and Managing Director).

Netizens, nakiisa sa selebrasyon ng ika-30 anibersaryo ng CARD MRI

ni CYRENE LUBIGAN

Kaugnay ng unang instilasyon ng pagdiriwang ng ika-30 anibersaryo ng CARD MRI sa Bae, Laguna noong Disyembre 10, 2016, naglunsad ng *online contests* ang CARD MRI upang makasali rin ang mga miyembro, kawani, at *likers* nito mula sa iba't

ibang bahagi ng Pilipinas.

Pinakaunang inilunsad ang *contest* na tinawag na “Pamaskong Handog ng CARD MRI” kung saan inanyayahan ang mga *followers* ng *Facebook page* na magpadala ng litrato ng kanilang pamilya. Ang kasali sa

contest na unang magkakakamit ng 3,000 *likes*, 3,000 *comments*, at 3,000 *shares* ang mananalo ng PhP5,000-worth ng Mga Likha ni Inay Noche Buena Package, PhP3,000-worth ng BotiCARD *products*, at *Family pack insurance plan* mula sa

Pagkilala sa Mga Likha Ni Inay 2016

ni RICA DE CHAVEZ

Binigyan ng parangal ng CARD MRI ang mga nanay na may katangi-tanging husay sa pagnenegosyo at may puso sa pagtulong sa komunidad. Ginanap ito sa CMDI, Bay, Laguna noong ika-16 ng Disyembre 2016.

Bilang paunang pagkilala, pinarangalan sina Carmelita Aguilar (2015 PsMLNI Gawad Maunlad National awardee) at Arlene Mabute (2015 PsMLNI finalist) dahil sa pagiging *representative* at *finalist* nila sa nakaraang 2016 Citi Microentrepreneur Awards. Pareho silang miyembro ng Rizal Bank, Inc. at tumanggap ng PhP50,000 *cash prize* at bulaklak.

Tumanggap ng *special awards* at kinilalang Gawad Masigasig awardee si Rosalyn P. Espenorio ng Antipas Unit

at ang Gawad Malikhain awardee naman ay si Carmelita C. Dapanas ng Manticao Unit. Kapwa sila nagmula sa CARD, Inc. at ang bawat isa sa kanila ay tumanggap ng PhP25,000 *cash prize, computer package* na nagkakahalaga ng PhP40,000, bulaklak, at plake.

Itinanghal na Gawad Maunlad awardee sa bawat institusyon sina Mera Flor R. Dumalaoron ng Calape Unit para sa CARD, Inc.; Wilma N. Pillejera ng Palanas 1B Unit para sa CARD Bank, Inc.; Anita M. Aranda ng Lipa Unit para sa CARD SME Bank, Inc. at si Ma. Christy P. Panisa ng Taguig 1 Unit para sa Rizal Bank, Inc. Tumanggap sila ng PhP50,000 *cash prize, computer package* na nagkakahalagang PhP40,000, bulaklak, at plake.

▶ 3

CaMIA. Pagsapit ng Disyembre 1, 2016, inanunsyo ang nagwagi sa *contest* na sina Jessa Bargados Manguerra, Cristine Joy Pacia, at Jeston Jay Pintal.

Nagkaroon din ng *photo contest* para sa mga *center members* ng CARD MRI na tinawag na “Kaunlaran para sa Iyong Bayan”. Ang pinadalang litrato sa *Facebook page* ng CARD MRI na nagkamit ng pinakamaraming *likes* ay pupuntahan ng CARD MRI sa unang bahagi ng taong 2017 upang magdaos ng CARDEEskwela,

Community Health Day, mass wedding at *feeding program*. Ang nanalo sa *contest* na ito ay ang Center Jacoba mula sa Lingayen, Pangasinan.

Binigyan rin ng pagkakataong makadalo si Ronel Homeres, isang kawani ng CARD Bank Tacloban Branch, kasama ang kanyang asawa sa pagdiriwang ng anibersaryo sa CMDI Bay Campus, Laguna. Siya ay nanalo sa *contest* na “Baliktanaw sa 3 Dekada ng CARD MRI” kung saan ibinahagi niya ang

▶ 5

Ika-30 taong paglaban... ◀1

lumago ang CARD at nagkaroon ng 14 na *mutually reinforcing institutions* na nagsisilbi sa mahigit na apat na milyong pamilyang Pilipino sa buong bansa.

Isang taon na selebrasyon

Upang gunitain ang walang sawang suporta ng CARD MRI sa mga *stakeholder* nito, nagdiwang ang CARD MRI ng isang taong selebrasyon simula noong Marso 2016 sa Bay, Laguna kasama ang dating pangulong si Benigno S. Aquino III bilang panauhin.

Sa nasabing pagtitipon, inilunsad ng CARD MRI sa

publiko ang unang *permanent installation art* sa Pilipinas. Naglalayon ito na panatilihin buhay ang mga kontribusyon ng mga taong buong-pusong lumalaban upang tuluyan nang mawala ang kahirapan sa bansa.

Sa bawat buwan matapos ang paglulunsad, iba't ibang mga bangko rin ang binuksan sa mga lugar sa bansa na hindi pa naseserbisuhan nito. Ito ay upang mas palakasin pa ang layunin ng CARD MRI sa paglikha ng *asset ownership*.

Dagdag pa rito, nakalikha rin ang organisasyon ng mas maraming *partnership*,

nakapagsagawa ng *health missions*, nagpasimula ng mga programang pangkabuhayan, nag-alok ng mga serbisyong pang-edukasyon, at nagsagawa ng ilang mga *caravan* para sa mga produkto at serbisyo ng CARD MRI.

VP Leni at ang mga kapos sa lipunan

Ang bise-presidente na si Leni Robredo, na kilalang tagapagtangkilik ng pagsupil ng kahirapan, ay naging panauhing pandanal sa selebrasyong dinaluhan ng mahigit 500 indibidwal.

Noong Hulyo 2016, binisita ng bise-presidente ang isa sa mga sangay ng CARD MRI sa Gumaca, Quezon. Ang pagbisita na ito

ay isang malaking pagkakataon para sa bise-presidente na makita ang iba't ibang kinakaharap na kalagayang pinansyal ng mga mahihirap na sektor at makakuha na rin ng inspirasyon mula sa mga modelo ng CARD MRI na makatutulong sa mas maayos na paraan.

Dalawang araw simula ng pagdiriwang, isang lakbay-aral para sa *local* at *national media* ang isinagawa. Sa pamamagitan nito ay nagkaroon ang mga dumalo ng kaalaman tungkol sa mga ginagawa ng CARD MRI lalo na sa mga komunidad na pinagsisilbihan nito.

Sa pagdiriwang, ilang mga parangal at pagkilala ang iginawad sa mga *key partner* at

kliyente ng CARD MRI. Dumalo rin sa pagdiriwang ang ilang mahahalagang personalidad at mga grupo mula sa gobyerno, at *microfinance industry*.

Ang anibersaryong ito ng CARD MRI ay nakatuon sa misyon nito na "*zero poverty*." Kasama ang nasa 11,000 tauhan na buong-puso ang pagtulong, at 14 na *mutually reinforcing institutions*, naabot na ng CARD MRI ang apat na milyong kliyente at mga pamilya, at nakapag-seguro na ng nasa 12.2 milyon indibidwal sa buong bansa. Sa pagtatapos ng 2020, walong milyong kliyente at mga pamilya, at 40 milyong mga indibidwal na nakaseguro ang inaasahang maabot.



Natatanging Kawani... ◀1

Tinanghal na Natatanging Kawani para sa CARD, Inc., si Dionicio P. Cabalza ng Gattaran 1 Unit; si Annabell B. Tangkoy ng Matina 1 Unit para sa CARD Bank, Inc.; si Madonna T. Ponce ng Lipa 5B Unit para sa CARD SME Bank, Inc.; at si Cecil T. Faburada ng Dumaguete Unit para sa Rizal Bank, Inc. Nakatangap din sila ng *cash prizes at gift certificates* mula sa BotiCARD at Mga Likha Ni Inay.

Ang mga pinarangalang Natatanging Kawani ngayong 2016 ay masusing pinili mula sa kanilang *unit, area* at hanggang sa rehiyong kinabibilangan nila. Sa huli ay dumaan naman sila sa pagsusuri ng mga hurado na pinangunahan ni G. Efren Cosico, kasama sina Gng. Cleofe Figuracion, Gng. Laarne Paje, Gng. Rosafe Matunan, at Gng. Pilar Garcia.

Nagtapos ang programa sa isang espesyal na pagbati ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Founder at Managing Director, sa mga kinilalang



Natatanging Kawani. Sa kanyang mensahe, ipinarating niya kung gaano siya humahanga sa pinamalas nilang katatagan at determinasyon sa trabaho

sa kabila ng pagiging malayo nila sa kani-kanilang mga pamilya. Ipinahayag din niya ang pangunahing layunin ng CARD MRI na tuldukan ang kahirapan sa

bansa, at sa pagtupad nito, malaki ang bahagi ng mga kawani lalo na sa pagtulong at paggabay sa mas dumarami pang miyembro ng CARD MRI. Bilang pagsuporta sa

nasabing layunin ng institusyon, hangad din ng parangal na ito na ang mga Natatanging Kawani ay maging inspirasyon ng iba pa nilang kapwa kawani.

May kakilala ka bang katulad nila?

Natatanging Kawani Awards
2017

Hirangin ang Natatanging Kawani sa iyong Unit.

Naglabas ng bagong patakarán at alituntunin ang Community Development Group ukol sa pagpili ng inyong natatanging kawani.

Para sa inyong patnubay, basahin ang Memorandum COMDEV 2017-001 na may kalakip na information guide, fact sheet, tracking forms at certificate template.

Pagkilala sa MLNI... ◀1

Itinanghal namang Gawad Maunlad National Awardee si Mera Flor R. Dumalaoron ng CARD, Inc. (Calape Unit). Tumanggap siya ng PhP100,000 *cash prize*, bulaklak, at plake. Inanyayahan din siya upang magbigay ng isang talumpati at ipinahayag niya kung paanong ang simpleng *loan* niya noon mula sa CARD, Inc. ay naging daan sa unti-unting pag-angat ng kaniyang negosyo.

Nagpaabot din ng pagbati at pagkilala si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Founder at Managing Director, sa mga kinilalang nanay. Hindi lamang niya hinangaan ang kanilang tagumpay sa negosyo kundi pati ang pagiging mabubuti nilang ilaw ng tahanan ng pamilya nila. Dagdag pa niya, hindi dito matatapos ang pagpaparangal at pagtulong sa mga miyembro ng CARD MRI dahil ayon sa kaniya "Sa CARD MRI, may *forever!*"



BALITANG PANREHIYON

CARD Bank, binuksan sa Cotabato

ni RAFFY ANTES

Dahil sa misyon na maging daan para sa *assets ownership* ng mga kapus-palad, binuksan ng CARD Bank, Inc. ang ika-70 sangay nito sa Masagana Highway, Kabacan, North Cotabato noong Nobyembre 21, 2016.

Ayon kay President and CEO Marivic Austria, sa pamamagitan ng paghahatid ng pormal na *banking services* na mapalapit sa mahihirap na sektor, sigurado ang CARD Bank na magkakaroon sila ng kontrol sa sarili nitong *resources* at kapalaran.

Sa bagong datos na inilabas ng Bangko Sentral ng Pilipinas

(BSP) noong Setyembre 2016, nasa 591 na siyudad at munisipalidad sa bansa ang hindi pa naseserbisuhan ng bangko; mahigit 40% rito ay nasa Mindanao.

Ayon din kay Austria, patuloy ang CARD Bank sa pagpapalawak nito sa mga bayan at isla sa bansa na hindi pa naseserbisuhan ng bangko, na bahagi na rin ng kanyang pangarap na isang bansang wala ng mahihirap. Aniya, bago matapos ang taon, magbubukas muli ang CARD Bank ng panibagong sangay sa Kidapawan upang mas palakasin pa ito sa Mindanao.

► 11

CARD Bank, nagbukas sa Abra; naglalayong palakasin ang lokal na ekonomiya

ni JEFF TANDINGAN

Sa misyong matulungan ang bawat pamilyang Pilipino na makaahon sa kahirapan, nagbukas ang CARD Bank ng panibagong sangay sa McKinley Road, Zone 7, Bangued, Abra noong Nobyembre 2016.

“Naniniwala kami na ang pagbibigay ng mahusay na serbisyong pambangko sa ating mahihirap na kababayan ay isang mahalagang hakbang upang matuldukan ang kahirapan,” pagbabahagi ni CARD Bank Executive Vice President for Finance Lourdes Dijan. “Ang patuloy na pagpapalawig ng CARD Bank ay ang pagsasakatuparan ng aming pinaniniwalaan. Nilalayon naming matulungan ang marami sa ating kababayan na hindi pa naaabot ng aming mga produkto at serbisyo,” dagdag niya.

Ayon pa kay Dijan, mas magkakaroon ng kontrol ang mga kliyente ng CARD Bank

sa kanilang kinabukasan kung matututo silang mag-impok. “Nais naming makaahon ang bawat pamilya sa kahirapan sa pamamagitan ng pagbibigay hindi lamang ng mga produktong pampinansiyal kundi pati na rin ang maiangat ang kanilang kaalaman sa pag-iimpok. Mayroon din kaming mga *savings product* na magtuturo sa kabataan na mag-impok,” ayon pa sa kaniya.

Higit pa sa serbisyong pampinansiyal ng CARD Bank, naghahatid din ito ng mga produkto at serbisyong makatutulong sa pagpapabuti ng antas ng pamumuhay ng pamilyang Pilipino. Ayon kay Emma Baño, anim na taon ng kasapi ng CARD, “Naghahatid ang CARD ng produktong pampinansiyal, seguro para sa mga kliyente at pamilya nito, at iba pa. Hindi lamang nakapokus ang CARD sa pampinansiyal

na aspeto kundi nais din nitong maging handa ang mga kliyente nito na harapin ang kinabukasan

► 5



CARD Bank, Inc.

A Microfinance - Oriented Rural Bank
A member of CARD MRI

Encouraging you
TO SAVE
Little by little, Day by day

KAYANG-KAYA
Savings

Regular Savings
with Pass Book



MATAPAT
Savings



Savings Account with ATM Access

MAAGAP
Savings

Savings Account for Kids



OTHER SAVINGS PRODUCT:
TIWALA SAVINGS (Special Savings Deposit)
TAGUMPAY SAVINGS (Recurring Deposit)
CURRENT ACCOUNT (Checking Account)

Matatag na Bukas sa Bawat Pamilya
www.cardbankph.com

A proud member of
BancNet

Member : PDIC, Maximum deposit insured for each depositor P500,000

Nais mo rin bang i-bida ang iyong
REHIYON?

Magpadala sa amin ng balita sa mga kaganapan sa
inyong lugar sa pamamagitan ng pag-email sa
cardmri.corpcomm@gmail.com.

CARD Bank, pinalakas ang serbisyo sa Mindanao

nina ARACELI REAS at JEFF TANDINGAN

Pinalawig ng CARD Bank, isang kasaping institusyon ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), ang serbisyo nito sa pamilyang Pilipino nang buksan ang dalawang sangay nito sa Tagum City, Davao del Norte at Mati, Davao Oriental noong Nobyembre 2016.

“Nilalayon ng CARD Bank na makapaghatid ng mga produkto at serbisyong naaayon sa pangangailangan ng mga kliyente nito na kadalasang galing sa mahihirap na komunidad,” pagbabahagi ni Marivic Austria, Presidente at CEO ng CARD Bank.

Ayon pa sa kaniya, ang CARD Bank ay makapaghahatid

pa nang mas pinalawak na serbisyong pangkomunidad sa tulong ng iba pang kasaping institusyon ng CARD MRI.

Sa pinakabagong datos na inilabas ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) noong Setyembre 2016, 591 na munisipalidad sa buong bansa ang hindi pa nabibigyan ng serbisyong pambangko kung saan 247 munisipalidad ay mula sa Mindanao. “Nais naming dalhin ang mga produkto at serbisyo ng CARD Bank sa mga mahihirap na komunidad sa bansa,” ani Austria.

Ibinahagi naman ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang tagapagtatag at tagapamahala

► 9

BALITANG PANGKALUSUGAN

South Cotabato, Sarangani, nakatatanggap ng libreng serbisyong medikal

ni **RAFFY ANTES**

Isinagawa ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ang mga serye ng *community health days* (CHD) sa Lake Sebu, South Cotabato at sa Maasim at Maitum, Sarangani noong Oktubre 2016, para sa mga kliyente nito at mga *dependent*, kasama na ang mga lokal na residente ng nasabing lugar.

Ayon kay Marilyn M. Manila, direktor ng Community Development Group ng CARD MRI, ang Community Health Days (CHD) ay isang regular na programa ng CARD MRI na bahagi ng pangako nito na gawing mas malapit at abot-kaya ang serbisyong medikal sa mga kliyente nito.

Ang mga lokal na residente ng Maasim, Sarangani ay nagdaos ng *community health fair* noong ika-12 ng Oktubre 2016 sa Maasim Gymnasium; sa Maitum, Sarangani sa ika-13 ng Oktubre 2016 sa Maitum Gymnasium; at sa Lake Sebu sa South Cotabato noong ika-14 ng Oktubre 2016 sa Lake Sebu Gymnasium.

Ang libreng medikal, dental, at optikal na serbisyo ay bahagi

ng mga ibibigay sa nasabing *health days*. Magbibigay rin ng mga gamot at *discount rate* na isasagawa ng BotiCARD Inc., ang parmasya at isa sa mga miyembrong institusyon ng CARD MRI.

Ayon kay Manila, regular na nilang ginagawa ang programang ito tungkol sa proteksyon sa kalusugan ng kanilang mga kliyente at komunidad simula pa noong 2006. Aniya, naging posible ito sa pamamagitan ng Microfinance and Health Protection (MaHP) unit ng CARD MRI.

Ang CHD ay isang programang pangkalusugan sa buong bansa ng CARD MRI. Sa ngayon, higit sa 140,000 kliyente at benepisyaryo ng CARD MRI, at ang mga lokal na komunidad ang naabot na ng programa.

Sa huli, ayon kay Manila, nasa plano na nila ang mga lugar kung saan sila magsasagawa ng *community health day*. Ang mga susunod na iskedyul sa mga lugar sa Luzon ay nakatakda na ring ianunsiyo.

kasaping institusyon ng CARD MRI na naglalayong mabigyang kakayahan ang bawat pamilya sa buong bansa na makaahon sa kahirapan sa pamamagitan ng pagpapahiram ng kapital, pagbibigay seguro, programang pang-edukasyon, pangkalusugan, pangkabuhayan, at iba pang programang makapagpapaunlad sa kakayahan at pamumuhay ng mga kliyente nito.

Abra... nang may tapang sa pamamagitan ng pag-iimpok.”

Nag-anyaya rin si Baño na sumapi sa CARD Bank dahil ayon sa kaniya, isa itong institusyon na maaasahan.

Ngayon, nagsisilbi na ang CARD Bank sa mahigit dalawang milyong pamilya sa buong bansa.

Ang CARD Bank ay isang


CARD MRI ONLINE

Netizens...

kanyang karanasang patuloy na magbigay ng serbisyo sa mga miyembro pagkatapos sumalanta ng bagyong Yolanda.

Inanyayahan rin ang mga *followers* ng *page* na sumali sa “*Fact or Bluff Trivia Contest*.” Araw-araw sa loob ng isang linggo, naglabas ang CARD MRI ng mga *trivia* at sasagutin ito ng mga kasali kung ito ba ay totoo o hindi. Ang mga nanalo sa *contest* ay sina: Almin Enriquez Falqueza, Princess Ann Jacob, Abigail Delgado Amorao, Karen Mae Paquidian, at Analiza Go.

Sa kasalukuyan, mayroon nang mahigit 8,000 *followers* ang *Facebook page* ng CARD MRI. Ito ay patuloy na nagdadala ng balita at anunsyo sa mga miyembro, kawani, at iba pang *followers* ng *Facebook page*. Maaaring i-like at i-message ang aming *official Facebook page*, i-search lamang ang CARD Mutually Reinforcing Institutions sa inyong *Facebook*.



Rizal Bank, Inc.
A Microfinance - Oriented Rural Bank
A member of CARD MRI

Kabuhayan Loan
We help improve your business.

No collateral.
No processing fee.
Low interest rate.
Initial loan from Php20,000.00 up to
Php150,000.00.

CARD MRI
30 Years
reached more than 4 million clients - 10 million members... and with 10,000 branches and 10,000 staff, we continue to grow.

LIKE US ON FACEBOOK

CARD Mutually Reinforcing Institutions

EDITORIAL

Tagumpay ng CARD MRI, tagumpay ng bawat Pilipino

Sa pagdiriwang natin ng ika-30 anibersaryo ng CARD MRI, ating sariwain ang ating mga naging paglalakbay sa pagkamit ng mga inaasam na kaginhawahan sa buhay kasama ang institusyong ito. Ang mga natamong pagkilala ng CARD MRI sa loob ng tatlong dekada ay patunay na ito ang nangungunang *microfinance institution* sa ating bansa.

Sa pagkatatag ng CARD MRI noong 1986, nakilala ang institusyong ito dahil sa daladala nitong layunin na maiangat ang kalagayan ng pamumuhay ng bawat pamilyang Pilipino. Bukod sa pinansyal na tulong sa mga kapus-palad, pinagtutuunan din ng CARD MRI ang mga programang pangkalusugan, pangkabuhayan, at pang-edukasyon. Sa kasalukuyan, maraming mga programa ang inihahatag sa atin bilang mga kasapi ng CARD MRI.

Ilan sa mga kauna-unahang parangal na natanggap ng CARD MRI ay ang *Plaque of Appreciation ng Presidential Management Staff* noong 1990 bilang pagkilala sa mga natatanging kontribusyon sa mga programa at proyekto ng gobyerno. Noong 1995, tinanggap ng CARD MRI ang parangal bilang *Outstanding Counterpart Award* mula sa Catholic Relief Services. Nagkaroon naman ng lisensya ang CARD mula sa Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) noong 1997. Naging instrumento ito upang mapalago ang institusyon at madagdagan ang mga proyekto para sa mga kasapi. Pagkaraan ng ilang taon, nakamit ang *Flame of Excellence Award* noong 2000 mula sa Coalition for Microfinance Standards dahil sa maganda nitong performance at sa pagkamit nito ng *Microfinance Performance Standards*. Makalipas ang isang taon, binigyan ang CARD Bank ng *Plaque of Recognition* ng Peoples Credit and Finance



Corporation, Asian Development Bank, and Associated Resources Management, Inc. dahil sa mahusay na pamamaraang ipinakita ng CARD Bank.

Sa patuloy na pagtulong at sa layunin ng CARD MRI na mapaunlad ang buhay ng pamilyang Pilipino patuloy na dumarami ang kanilang mga kliyente at kasapi. Ginawaran ito ng *Plaque of Recognition and Appreciation* ng People's Credit and Finance Corporation noong 2003. Tinanggap din nito ang *People Power Award* mula kay dating pangulong Corazon Aquino at noong 2007 kinilala din ito sa pagkakaroon ng *Excellence in Community Economic*

Development sa USA. Marahil isa sa mga natatanging pagkilala na natanggap ng CARD MRI ay ang *Ramon Magsaysay Award for Public Service* dahil sa pinansyal na tulong nito na binibigay sa mga kababaihang Pilipino. Sa pangatlong pagkakataon, pinarangalan ang CARD Banking Group bilang *Financial Inclusion Champion* noong 2013.

Bukod sa mga pagkilalang natanggap ng CARD MRI, hindi rin malilimutan ang mga parangal na natamo ng mga kasapi nito na nagbahagi ng mga matatagumpay na kwento kasama ang CARD. Isa sa mga nagpamalas ng husay ay si Gng. Ernanie Llema na may-ari ng REL Seafoods Buyer

and Dealer na ginawaran ng *2014 Citi Microentrepreneurship Award for Luzon*. Noong 2015, ginawaran din ng kaparehong parangal si Gng. Ester Vitto na may-ari ng Bahag Footwear. Sila ay pinarangalan dahil sa kanilang matagumpay na pagsisikap na maiangat ang kalagayan ng kanilang buhay at dahil na rin sa nakatutulong ang kanilang mga negosyo sa komunidad.

Hindi maitatanggi ang mga nakamit na tagumpay ng CARD MRI sa loob ng 30 taon mula sa mga pagkilalang natanggap nito ngunit marahil ang pinakamahalagang parangal na tinatamasa nito ngayon ay

ang pagtangkilik at suporta ng humigit-kumulang 4.18 milyong Pilipinong kasapi ng CARD MRI mula sa 40,198 barangay. Hindi ito magiging posible kung wala ang 11,387 na mga kawani sa 2,391 na tanggapan na naglilingkod sa buong kapuluan. Makaaasa tayo na ipagpapatuloy ng CARD MRI ang pagtanggap sa hamon na maiahon at mapaunlad ang bawat buhay ng kababaihan at pamilyang Pilipino. Malayo pa marahil ang ating lalabayin upang ganap na matamo ang ating mga pinakamimithing layunin sa buhay ngunit kaisa at kaagapay natin ang CARD MRI sa pagkamit ng mga ito.



SULONG!
Editorial Board

Dr. Edmund Centeno
Editor-in-Chief

Cleofe Figuracion
Managing Editor

Raffy Antes
Jeffrey Tandingan
Araceli Reas
Writers

Dr. Jaime Aristotle Alip
Marilyn Manila
Editorial Advisers

Cyrene Grace Lubigan
Associate Editor

Cristy Enriquez
Guada May Brion
Roxanne Faye Ochoa
Rica May de Chavez
Ruby Corcuera
Contributors

Nilalayan ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo.

Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa cardmri.corpcomm@gmail.com o corpcomm@cardbankph.com.

CARD MRI Head Office

20 M.L. Quezon St., City Subdivision,
San Pablo City, Laguna

CARD Mutually Reinforcing Institutions
Official Facebook page



Dr. Jaime Aristotle B. Alip

Mensahe mula sa Tagapagtatag at Tagapamahala ng CARD MRI

Ang CARD MRI ay katuwang ng bawat pamilyang nangangarap ng mas magandang buhay para sa kanyang pamilya. Sa mga miyembro ng CARD MRI, nagpapasalamat kami sa tiwalang ibinigay ninyo sa ating mga institusyon. Makakaasa kayong mas pag-iigtingin pa namin ang aming mga serbisyo at programa. Kasama ninyo kami sa katuparan ng inyong mga pangarap.

Ang mga nagawa, ginagawa, at gagawin pa natin ay papunta sa isang Pilipinas na wala nang naghihirap. Naniniwala ang CARD MRI na sa ating kolektibong pagsisikap ay kaya natin ang “zero poverty”. Sa ating pagtutulungan, mawawakasan at matutuldukan na natin ang kahirapan.

Sa aming mga *partner*, nagpapasalamat kami sa inyong suporta at pakikiisa laban sa kahirapan. Marami pang hamon ang labang ito kung kaya’t sa pamamagitan

ng inyong suporta sa CARD MRI, mas marami pa tayong matutulungan. Kung mas marami ang kumikilos, mas gumagaan at bumibilis ang bawat gawain.

Sa ating mga *media partner*, salamat sa pagpapataas ng kamalayan tungkol sa paglaban sa kahirapan. Dahil sa inyo, mas marami ang makakaalam ng mga programa at serbisyong binibigay ng CARD MRI at ng aming mga *partner* para sa mga pamilya at komunidad.

Sa mga kawani ng CARD, walang trabahong masyadong maliit o masyadong malaki sa atin. Hindi madali ang ating ginagawa kaya nagpapasalamat ako sa inyong sipag at dedikasyon. Kayo ay instrumento sa pag-unlad ng ating mga miyembro at ng kanilang pamilya. Hindi lang ito isang trabaho – ito ay isang misyon na puno ng hangarin.

Ang ating tinatahak ngayon ay naka-angkla sa “5-8-40” *strategy*, o sa limang taon ay layon nating magkaroon ng walong milyong miyembro at

40 na milyong indibidwal na protektado. Ang kahirapan ay maraming mukha kung kaya’t ito ay isang “*shared responsibility*”. Ito ay tungkulin ng nakararami at ito ay masusugpo sa pamamagitan ng kolektibong pagkilos.

Tanungin mo ang bawat pamilyang Pilipino kung ano ang kanilang mga pangarap at lahat ng sasabihan nila ay patungo sa isang maunlad na buhay at matatag na bukas. Ito ang inspirasyon ng CARD MRI. Tatlumpung taon na ang lumipas nang magsimula tayo sa maliit, lumaki at lumawak na tayo, pero ang pangarap ng CARD MRI nananatili at manananatiling naka-angkla sa ating misyon – ang tulungan at patatagin ang mga Pilipinong naghihirap para sila ang bumuo ng sarili nilang tadhana.

Muli, maligayang ika-30 taong anibersaryo sa bawat kawani, miyembro, at *partner* ng CARD MRI!

Tatlumpung taon na ang nakararaan nang kami ay nagsimulang mangarap para sa mga ating mga kababayan. Nagsimula kami sa maliit – sa isang maliit na opisina, isang minanang *typewriter*, at bente pesos. Pero sa kabila nito, malaki ang aming pangarap para sa mga Pilipino. Ang mga kakulangan ay pinunan namin ng sipag, tiyaga, at matinding pagmamahal para sa bayan.

Mula sa isang NGO,

nagkaroon tayo ng isang *microfinance-oriented rural bank*. Matapos nito, nagkaroon tayo ng isang asosasyong pagmamay-ari ng mga miyembro. Sinundan ito ng ilan pang mga institusyong nagbibigay ng mga serbisyo at programang para sa edukasyon, kalusugan, proteksyon, kabuhayan, at iba pa. Lahat ng ito ay nabuo base sa pangangailangan ng mga miyembro at ng kanilang pamilya.

REPLEKSYON

ni CRISTY ENRIQUEZ

Nga-nga o tiis-ganda?

Maraming dahilan kung bakit ang isang empleyado o manggagawa ay nakararanas ng kawalang-gana sa paghahanapbuhay na humahantong sa pagbibitiw sa trabaho. Isa na rito ang biglang pagkawala ng *passion* at sigasig sa trabaho. Kabilang din sa mga pangunahing dahilan ay ang maliit o di sapat na kinikita, hindi akmang *skills* o kakayahan, mabigat na responsibilidad o gawain, mahigpit na patakaran sa kompanyang pinapasukan, *peer pressure*, at kung mamalasin pa’y malulupit at hindi patas na *employer*. Sinasabi ring ito ang nagtutulak sa isang empleyado upang humanap ng pagbabago o “*for a change*” ika nga. Kadalasan, nakararamdam tayo na tila pahirap nang pahirap ang ating mga gawain, tungkulin at trabaho, at parang hindi na maubos-ubos ang pagod

o “*stress*”. Ang iba pa sa atin ay nakararamdam na tila ba nagtatrabaho nang sobra kaysa sa nakaatang niyang gawain o tungkulin.

Maaaring sa simula ay sipag na sipag tayo sa ating pang-araw-araw na gawain ngunit sa katagalan, hindi maiiwasang ang iba sa atin ay unti-unti namang nawawalan ng interes at sigasig sa paggawa. Sa ganitong pagkakataon naiisip natin na tila kailangan na ng pagbabago. Ngunit hindi lahat ng tao ay ganito; may iba pang dahilan kung bakit sila nagbibitiw sa trabaho o ‘di kaya ay paiba-iba o papalitpalit ng kumpanya. Nariyan ang pagiging tamad, “*easy money attitude*” o yung mga taong ayaw nang nahihirapan at nais lamang makakuha ng pera sa madaling paraan, labis na pag-aalala (*anxiety*), kawalan ng motibo, mga taong walang tiwala sa sarili, at takot sa responsibilidad. Ang

mga taong ito ang madalas na napabilang sa dumaraming tambay sa lipunan o di kaya’y mga “ibong walang madapuan” (mga taong hirap humanap ng trabaho) samakatuwid, *unemployed*. At anong kasunod? “Eh di nganga!”

“Walang trabahong madali. Lahat ng sarap may hirap,” yan ang madalas naman na bukambibig ng ating mga magulang o nakatatanda “Sadyang mahirap kumita ng pera,” dagdag pa nila.

Ngunit paano nga ba natin maiiwasan ang mga suliranin at negatibong mga pananaw at kaugalian sa paghahanapbuhay?

Ang lahat ng pagbabago ay mag-uumpisa sa’yo, oo ikaw mismo, tayo. Narito ang ilan sa mga payong maibabahagi ko sa inyo:

Una, huwag maging tamad. Mahirap labanan ang katamaran lalo na kung tinatamad kang lumaban. Pero wala naman sa tingin ko ang hindi nangarap. Nangarap na umunlad ang pamumuhay. Nangarap na makarating sa nais puntahan. Nangarap na mapagbuti ang sarili at umahon sa hirap. Nangarap na balang

araw ay mag-iiba ang takbo ng buhay. Nangangarap ang lahat! Kung gano’n, hindi pa huli para sayo dahil ang taong may pangarap, hindi mauubusan ng dahilan para magsikap. Ang lahat ng ito ay magandang dahilan upang mag-udyok sa iyo upang baguhin ang iyong sarili o ang iyong buhay.

Ikalawa, *think positive*, wag kang aayaw! May mga hadlang na maaaring harapin kung susubukan mong magbago. Ang pagbabago sa iyong trabaho o paghahanap ng ibang mapagkakakitaan ay maaaring maging sanhi ng problema sa pera at panggastos na maaari ring humantong at magdulot ng pagkasira ng relasyon sa isang pamilya. May mga hadlang din na maaaring maging dahilan upang hindi matuloy ang iyong mga balakin gaya ng puhunan, sapat na panahon, lokasyon, tamang pagkakataon at iba pa. Dahil dito, kailangan ng isang tao ng matinding determinasyon, lakas ng loob at kagustuhan upang mapaglabanan ang mga hadlang na ito at ang mga negatibong kaisipan upang makapaghanapbuhay o magpatuloy sa kasalukuyang

trabaho. Kailangan ding maging matatag sa lahat ng maaaring maging suliranin sa pagkawala ng trabaho o sa pananatili sa iyong kasalukuyang posisyon.

Isipin mo na lang na ang problema ay parang *edible commodities*-may *expiration* din! Pasasaan ba’t malulutas mo at malalampasan ang lahat ng ito. Ang problema kasi ay parang aso, kapag tinakbuan mo siguradong hahabulin ka nito. Kaya’t harapin mo ito at humanap ka ng solusyon, at siguradong mabilis mo itong malulutas kung gagawa ka ng aksyon.

Ikatlo, magbukas ng pinto. Hindi yang pinto ninyo. Ang ibig ko’ng sabihin ay maging bukas ka sa lahat ng posibilidad, mga oportunidad at mga hindi inaaasahang pagbabago sa kapaligiran. Sabayan mo ang agos at kung malalim man para sa iyo, e ‘di umahon ka at iligtas mo ang iyong sarili. Ganern! Maging *open-minded* sa pagtanggap ng opinyon at payo ng iba, at irespeto ang iyong mga kasama at aani ka

BALITANG MICROINSURANCE

Caravan inilunsad upang itaguyod ang kahalagahan ng microinsurance

ni RAFFY ANTES

Patuloy na naglulunsad ang CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), CARD MRI *Insurance Agency* (CaMIA), at CARD Pioneer Microinsurance, Inc. (CPMI) ng *Microinsurance Caravan* na nagsisilbing kampanya sa pagbibigay-kamalayan sa kahalagahan ng *microinsurance*.

Ang mga *member-saver* ng tatlong *banking institutions* na ito ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), ang CARD Bank, Inc., CARD SME Bank, Inc., at Rizal Bank, Inc., kasama na ang kanilang mga benepisyaryo ang higit na makikinabang sa nasabing kampanya.

Ayon kay May Dawat, *general manager* ng CARD MBA, ang mga *member-saver* ay iyong mga hindi pa nakakukuha ng ano mang *loan products* at hindi pa dumadalo sa *center meeting*. Kanyang idinagdag na ang kampanyang ito ay maituturing na rin na tawag sa mga kliyente na

kumuha ng mga produkto at serbisyo na inaalok ng CARD MBA, CaMIA, at CPMI maliban sa regular na *insurance* na maaari nilang makuha bilang miyembro ng institusyon.

Ayon pa rin kay GM Dawat, ang mga kliyente ng CARD MRI ay awtomatikong *insured* ng *life insurance product* ng CARD MBA kapag sila ay nakilala na bilang miyembro. Pero ang mga indibidwal na ito ay kinakailangan na masakop ng *non-life insurance* na hindi naman sakop ng CARD MBA – upang maging handa sa mga hindi inaasahang pagkakataon.

Ginanap ang unang yugto ng *caravan* sa Mandaluyong City kung saan nasa 400 mga *member-saver* ang dumalo. Sa ngayon, ang kampanya ay nakaabot na sa higit 1,500 *member-savers* mula sa Laguna, Marinduque, Makati, at Quezon.

Ang mga nasabing lugarang nangunguna sa listahan nang mga may pinakamaraming *member-savers*, ito ay ayon



Ang History of San Pablo: Reviewed, Rewritten and Retold
ay maaaring mabili sa Mga Likha ni Inay Outlets. Maaari ding tumawag sa (049) 562-4309 o mag-email sa cardmri.corpcomm@gmail.com.

kay GM Dawat. Kaniya pang idinagdag na ang pagkuha ng datos ay naging posible sa pamamagitan ng Data Control Center (DCC) ng CARD MRI.

Ibinahagi rin ni GM Dawat na nasa siyam na lugar sa Davao City, Oriental Mindoro, Albay, Capiz, at La Union o higit sa 2,700 *member-savers* ang maaabot ng *caravan* bago matapos ang taon.

Nagbibigay ang CARD MBA ng *microinsurance products* para sa mga miyembro ng asosasyon at kanilang mga pamilya. Ang CaMIA, ang *insurance agency* ng *non-life insurance products* ng CARD MRI; at ang CPMI ang pinakaunang *non-life microinsurance company* sa Pilipinas.

Ang mga organisasyon na ito ay kasangga sa *microinsurance* ng CARD MRI, isang *social development organization* na nagbibigay ng pinansyal na tulong at mga serbisyo para sa pagsasaayos ng komunidad para sa mga kapus-palad na kababaihan at kanilang mga pamilya.

CARD MBA, may bagong manlalayag para sa BOAT Program

ni CRISTY ENRIQUEZ

Matagumpay na naisagawa ang pagpirma sa kasunduan o Memorandum of Agreement (MoA) sa pagitan ng CARD MBA, Inc. at ng Umiray Agrarian Reform Beneficiaries Multi-Purpose Cooperative (UMARBEMPCO) para sa tatlong taong partnership sa ilalim ng Build-Operate-And-Transfer (BOAT) Program ng CARD MBA. Ito ay ginanap sa Brgy. Umiray, General Nakar (*boundary* ng Aurora at ng Quezon) na nasasakop ng Nueva Ecija Provincial Office noong ika-27 ng Setyembre 2016.

Naglalayon ito na maihatid sa mga miyembro ng UMBEMPCO ang magandang produkto at serbisyo ng CARD MBA sa larangan ng seguro o *microinsurance*. Habang nasa ilalim ng BOAT Program, matatamasa ng mga kasapi ng UMBEMPCO ang mga benepisyito nito bilang kasapi ng

CARD MBA. Kasama sa mga serbisyo at produktong ito ang Basic Life Insurance Program (BLIP) o seguro para sa kasapi na nasasakop ang kanyang mga kaanak o *legal dependents*, Retirement Savings Fund (RSF) na benepisyito para sa pagreretiro, Loan Redemption Fund (LRF) o seguro para sa puhunang hiniram at Golden Life Insurance Program (GLIP) seguro para sa edad 70 taong gulang at masasakop ng benepisyito hanggang 100 taong gulang. Sa pagiging kasapi ng samahan sa CARD MBA, ang mga miyembro ng UMBEMPCO ay maaari na ring mag-*avail* ng mga produkto ng CaMIA at CPMI gaya ng Sagip Plan, Kabuklod Plan, CARD Care, at iba pa.

“Sa wakas, matatapos na ang matagal na pananabik sa *insurance* at pag-aantay ng mga miyembro namin dito sa Nakar at sa Aurora”, ani



Kasama sa MOA signing na ito sina (mula sa kaliwa) BOD Vice Chairperson Garry Manthon D. Lorilla, BOD Chairperson Roberto A. Modesto, General Manager Aquilino R. Junio, Promotion & Marketing Officer Cristy C. Enriquez, Nueva Ecija Provincial Manager Leizel S. Belen (wala sa larawan) at dalawa pang Audit Committee members ng UMBEMPCO.

Kapitan Aquilino R. Junio ng Brgy. Umiray na tumatayo ring General Manager ng UMBEMPCO.

Sa kasalukuyan, mayroon ng 20 BOAT *partners* ang CARD MBA at ang UMBEMPCO ang ika-21 *partner* nito sa pagpapalaganap

ng *community-based microinsurance program* para sa *marginalized sector* sa bansa. Batay sa huling bilang ng mga kasapi noong Agosto 2016 sa ilalim ng BOAT Program, mayroong 31,802 kasapi na ng BOAT *partners* ang nabigyan ng *microinsurance protection*

kumpara noong Disyembre 2015 na mayroon lamang 28,686. Hangad ng institusyon na mas lalong pagbutihin ang serbisyo nito sa mga kasapi gayundin sa pagpapalaganap ng *microinsurance practice* sa pamamagitan ng



Daily Maintenance PROMO

BUY 27 AND GET 4 FOR FREE!!

Maintenance Medicine for:

1. Hypertension

- Amlodipine 5mg
- Losartan 50mg
- Metoprolol 50mg

3. Diabetes

- Metformin 500mg

2. Cholesterol

- Simvastatin 10mg/20mg

4. Asthma

- Salbutamol 2mg

Note: For Branded Generic medicines only
Contact us at: 0928-897-1325
or email us at: boticard.ho@gmail.com



BotiCARD Inc.
 A member of CARD MRI



Repleksyon...¹⁷

rin ng respeto mula sa kanila.

Ikaapat, *follow your own recipe*. Mayroon ka bang *specialty*? Mga kakayahan, abilidad o galing sa isang bagay? Kung ganon, huwag mong itago ang iyong potensyal bagkus subukan mo itong *i-apply* at gamitin sa iyong paghahanapbuhay o gawing batayan para makatagpo ng tamang trabaho at kumpanya na swak sa abilidad mo.

Samantala, marami rin sa mga nagtatagumpay na hindi man mahusay sa larangan ng isang bagay ay may *special ingredient* naman na kung tawagin ay “diskarte”. Malay mo, isang araw yan ang mag-aangat sa iyo patungo sa posisyon kung saan ka nararapat. Sa ganitong paraan mas magiging madali ang pagtatrabaho mo dahil alam na alam mo ito at masaya ka sa ginagawa mo.

Ikalima, huwag maging maarte. Sa dami ng walang trabaho ay mapipilitan na ang marami na kunin ang mas mababang trabaho “*under-employed*”. Pero hindi rin ibig sabihin na hindi ka na magiging mapili sa paghahanap ng nararapat na trabaho para sa iyo, madami kang puwedeng pagpilian at nasa sa’yo parin ang desisyon. Ngunit hindi lamang ito ang ibig sabihin ng hindi pagiging maarte. Huwag kang maging maarte at huwag maging reklamador sa kaunting hirap na mararanasan. Hindi ka tinanggap ng *employer*

mo para magpasarap, kundi para gawin ang trabaho o tungkuling ibinigay sa iyo. Ang kailangan mo lang ay maging masipag, matiyaga, matalino at madiskarte kung paano mo gagawin ang trabaho

nang tama, madali, at mabilis.

Madalas ang pagiging maarte ang naglalayo sa mas maraming magagandang oportunidad na puwede mong matanggap. Ngunit kung ikaw ay may tiyaga, kahit hindi ka

marunong magluto ng nilaga ay tiyak aani ka ng tagumpay. Kailangan lang marunong kang “magtiis-ganda” dahil mahirap man ang iyong tatahakin, maganda naman ang iyong kahaharapin.

At ang panghuli, magdasal ka at humingi ng saklolo. Hindi ka *superhero*! Wala kang lakas at kapangyarihan upang hindi masaktan. Ikaw ay tao lamang (huwag kantahin). Ang mga hadlang sa’yo, maging tao, bagay man o pangyayari ay maaaring maging dahilan ng iyong pagsuko, kalungkutan, at pagkabigo. Subalit isipin mo na ano man ang laki at bigat ng iyong problema ay gagaan kung ito ay pagtutulungan at ibabahagi sa mga taong malalapit sa iyo. Lagi mo ring tatandaan na mayroon kang masasandalan, mapagsusumbungan, at mahihingian ng tulong na hindi ka tatanggihan at iiwanan – ang Maykapal. At gaya ng iyong mga mahal sa buhay, ang ating Diyos ay palagi lang nariyan, tulad ng hangin na iyong nilalanghap hindi mo man ito nakikita at nahahawkan, upang ikaw ay mabuhay. Ang Diyos ang liwanag at pag-ibig, at walang hindi nagtagumpay sa pamamagitan Niya.

Mindanao...¹⁴

ng CARD MRI, ang patuloy na pagbubukas ng sangay ng CARD Bank ay sumusuporta sa ipinaglalaban ni Presidente Rodrigo Duterte na mapaunlad ang Mindanao.

Kaisa sa ipinaglalaban ng CARD MRI na matulungan ang mga kababayan nating nasa laylayan, ang CARD Bank ay naghahatid ng iba’t ibang klase ng *loan* at *savings product* na naaayon sa pangangailangan ng mga kliyente nito at naghahatid din ng edukasyong pampinansiyal upang matuto ang mga kliyente nito na mamuhunan sa tama at kapaki-pakinabang.

Halos 1,000 kliyente ng CARD, Inc. ang napalipat sa CARD Bank upang magkaroon ng *access* sa mga produkto at serbisyong pambango. Ang CARD, Inc. ay isang *microfinance* NGO at kasaping institusyon ng CARD MRI.

Ibinahagi naman ni Joseliza Sanchez, dalawang taon ng miyembro ng CARD, na tunay na tumutulong sa mga mahihirap na pamilyang Pilipino ang CARD dahil sa pagbibigay nito ng tulong pampinansiyal at pagtulong upang makapag-aral ang mga anak ng mga kliyente nito.

► 11

CARD-MRI Development Institute, Inc. is SENIOR HIGH SCHOOL ready ENROLL NOW!

CAREER TRACKS



ACADEMIC

Strand:
 - ABM (Accountancy, Business and Management)

Offered in both campuses of CMDI.

TECHNICAL-VOCATIONAL -LIVELIHOOD

Strands:
 - Computer Programming*
 - Microfinance**
 (new specialization under Home Economics)

* Offered in CMDI Bay Campus only.

** Offered in CMDI Tagum City Campus only.

CMDI is also currently offering B.S. in Entrepreneurship with Specialization in Microfinance and an accredited provider and assessment center for Microfinance Technology NC II of TESDA.

CAMPUSES

CMDI Bay Campus
 Brgy. Tranca, Bay, Laguna
CMDI Tagum City Campus
 Purok Mankilam, Tagum City,
 Davao Del Norte

CONTACT DETAILS

CMDI Bay Campus
 Mr. Neil Polinag
 School Registrar
 (049) 573-0031
 0947-890-2759
 npolinag@yahoo.com

CMDI Tagum City Campus
 Mr. Christian Sandoval
 School Administrator
 (084) 216-0955
 0949-833-6939
 christiansandoval26@yahoo.com

“CMDI is where true people empowerment begins, BUT NEVER ENDS.”



CARD MRI
 CARD Mutually Reinforcing Institutions

STOCKHOLDERS' SECTION

Tsang bukas na liham

Binabati ko po ang CARD MRI sa pagdiriwang ng ika-30 anibersaryo.

Labis po ang aking pasasalamat sa CARD sa lahat ng tulong sa akin at sa aking pamilya gayundin sa pagkakataon na ako ay makatulong sa aking kapwa.

Isa po akong pangkaraniwang maybahay. Pero likas na sa akin ang humanap ng pagkakakitaan tulad ng pagtitinda ng pagkain sa kantina, pag *buy and sell* ng kahit anong kalakal gaya ng prutas, damit, at mayroon din po akong sari-sari *store*. Ginagawa ko po ito dahil nais kong makatulong sa aking asawa sa pagtataguyod ng aming pamilya at naging posible po ito dahil sa puhunang ipinapahiram sa akin ng CARD.

Mayroon po akong dalawang anak, at bilang ina ay nais ko pong mapaghandaan ang kanilang kinabukasan. Kaya naman nagpapasalamat ako na mayroong bangko ang CARD kung saan abot't kaya ang pag-iipon.

Wala pong kasiguraduhan ang buhay, pero dahil sa mga *insurance* at *retirement fund* ng CARD nagkaroon po ako ng kapanatagan. Bukod pa rito ay nakapagbabayad ako ng PhilHealth at SSS. Kaya naman parang ka-level na rin ako ng mga empleyado.

Nagpapasalamat po ako dahil isa ako sa mga *stockholder* ng CARD, kung saan bukod sa aking natatangap na dibidendo at *give away* taon-taon nagiging kabahagi rin ako ng kompanya upang makatulong pa sa iba pang mga miyembro.

Kaya naman umasa po kayo sa patuloy naming pagsuporta sa mga produkto at programa ng CARD. Ang akin pong pamilya, gayundin ang mga miyembro ng aming BALA Center 4 ng Torrijos Branch ay nakikiisa sa inyong adhikaing makatulong pa sa mga nangangailangang pamilya.

Ipinagmamalaki ko po ang pagiging miyembro at *stockholder* ng CARD.

Mabuhay po kayo!

Ruby Corcuera



Savings Mobilization and PAR Management Committee Meeting, isinagawa

ni GUADA BRION

Nagsagawa ang CARD Bank ng Savings Mobilization at PAR Management Committee Meeting. Ito ang huling *quarterly meeting* para sa taong 2016. Dinaluhan ito ng mga miyembro ng CARD MRI na natapos na ang termino bilang *board of directors* ng CARD Bank, kasama rin dito ang kasalukuyang BOD Members. Sa pangunguna ni Bb. Marivic M. Austria, presidente at CEO ng CARD Bank at tumatayong

chairperson ng *committee* at sa patnubay ni Dr. Dolores M. Torres, na tumatayong *adviser*, ay tinalakay ang mga aktibidad patungkol sa *Savings Mobilization* at PAR Management. Pinag-uusapan din dito ang ulat ng mga kasapi na malaki ang kontribusyon upang makagawa ng rekomendasyon para sa lalo pang ikagaganda ng serbisyo at programa ng CARD.



Special Committee on Savings Mobilization and PAR Management

Tadhana

ni GUADA BRION

*Destiny is not a matter of chance
It is a matter of choice
It is not a thing to be waited for
It is a thing to be achieved*



Pinili ni Nanay Guadalupe Ramiro na maging miyembro ng CARD. Kahit mahirap ang pinagdaanan niya sa simula ay hindi siya pinanghinaan ng loob.

“Nang nagsisimula pa lamang ang CARD sa Marinduque, matagal ang *training* na ibinibigay sa mga gustong maging miyembro. Pero di ko iniisip na tumigil, sa halip ay lalo akong nagsikap, ito kasi ang nagbigay pag-asa sa akin.”

Taong 1990 nang bumalik ang pamilya ni Nanay Guadalupe kasama ang kanyang asawa at nag-iisang anak sa Marinduque mula sa Bulacan. Walang ipon, may sakit ang kanyang asawa at magsisimula ng mag-aral ang kanyang anak. “Noon ko naisip na wala na akong magagawa. Pero kapag pala wala ka nang kayang gawin pa, doon mo maiisip ang isang napakahalagang bagay

na dapat gawin at ito ay ang magdasal.” Nagdasal siya na sana ay may mabuting kalooban na magtiwalang tumulong sa kaniya.

Naging miyembro siya ng CARD Bank at napagkatiwalaan ng halagang dalawang libong piso upang gamiting puhunan sa isang tindahan. Pinilit niya itong bayaran sa tamang oras at nagsimula rin siyang mag-ipon. Noong una, hindi maunawaan ng kanyang asawa at anak kung bakit kailangan pang magbigay ng pilit-impok. Marahil ay dahil sa ramdam na ramdam nila ang hirap ng buhay at kadalasan ay kulang pa ang kita niya para pambili ng kanilang mga pangangailangan.

Nagpatuloy siya sa pagiging miyembro at lumaki ang kanyang ipon. Di nagtagal ay nagpahayag ang CARD Bank na maaaring bumili ng

share of stocks ang sinumang miyembro na tatlong taon at higit pa, may 100% *repayment* at *attendance rate*. Di siya nagdalawang-isip na ibili ng *shares* ang kaniyang ipon na noon ay halagang sampung libong piso. Noon lamang siya nakarinig na maaaring makabili ng *stocks* ang pangkaraniwang miyembro, ang alam niya ay tanging mayayaman lamang at may malaking pera ang maaaring makabili ng *share of stocks* sa kompanya. Buong pagtitiwala niya sa CARD Bank at alam niyang malaking tulong ang matatanggap na dibidendo kada taon.

Sa ngayon, patuloy pa rin si Nanay Guadalupe sa pagiging miyembro at nananatiling *stockholder* sa edad na 66. Hindi lang niya piniling maging miyembro, pinili niyang maging disiplinadong miyembro at hindi naman siya binigo ng CARD.

Mindanao...¹⁹

Bago magtapos ang taon, nakapagbukas pa ang CARD Bank ng dalawang sangay nito sa Mindanao. Ang CARD Bank ay may walong sangay sa Mindanao partikular sa Davao, Buhangin, Matina, Malalag, Tagum, Mati, Kabacan at Kidapawan na kabubukas lamang noong Disyembre 2016.

Samantala, nais naman ni Dr. Alip na makalaya ang Pilipinas sa kahirapan sa pamamagitan ng tulong ng programang pambangko

at patuloy na serbisyong pangkomunidad. Ang CARD MRI ay mayroon ng 4.1 milyong miyembrong natulungan sa buong bansa at naglalayong maabot pa ang walong milyon at makapagseguro sa 40 milyong indibiduwal sa taong 2020.

Sa mahigit apat na milyong napagsilbihan ng CARD MRI, dalawang milyon dito ay mula sa CARD Bank. Isa ring *hall of fame awardee for financial inclusion* ng BSP ang CARD Bank.

South Cotabato...¹⁴

Sa isang panayam, sinabi naman ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip sa tagapagtatag at tagapamahala ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) kung saan ay isa sa mga institusyon ang CARD Bank na ang patuloy na paglawak ng nasabing institusyon sa Mindanao ay kahalintulad ng ginagawa ng kasalukuyang administrasyon pagdating sa pagsupil sa kahirapan hindi lamang sa Mindanao, kundi pati na rin sa buong bansa.

Ang bagong tatag na bangko ay magsisilbi rin sa mga kliyente nito mula sa malalapit na munisipalidad. Nag-aalok ang CARD bank ng mas madaling *banking services* para sa mga pautang at pag-iipon, kasama na ang iba pang *social development projects* katulad ng para sa kalusugan at edukasyon, sa

pamamagitan ng iba pang mga institusyon na miyembro ng CARD MRI.

Ang Kabacan ang ikapitong sangay ng CARD Bank sa Mindanao. Binuksan ng CARD Bank ang pinakauna nitong sangay sa Magallanes, Davao City noong Oktubre 2007. Sa kasalukuyan, dalawang sangay nito ang binuksan sa mga Lungsod ng Tagum, Davao del Norte at Mati, Davao Oriental.

Mula pa noong Oktubre 2016, nagsisilbi na ang CARD Bank sa halos dalawang milyong kliyente na mayroong kabuuang P9-billion asset, 579 na opisina, at 3,433 tauhan sa buong bansa. Ang CARD MRI Banking Group, na kinabibilangan ng CARD Bank ay ang *financial inclusion champion* ng Bangko Sentral ng Pilipinas.



Experience the **JOY** to work with people.
Live the **PASSION** to help people improve their lives.
Have the **HEART** to serve others.

JOIN US

and be part of more than 9000-strong staff adhering to our core values of competence, culture of excellence, integrity, family spirit, humility and simplicity. We sustain the lives of more than 3 million clients during uncertainties. We create positive changes in the 57,000 community groups that we serve. We are a dynamic workforce dedicated to empower 8 million Filipinos by 2020.

AVAILABLE POSITIONS:

Internal Auditors
Tellers
Bookkeepers
Account Officers
Corporate Legal Officers
Insurance Processors
Marketing Assistants
IT Operator
Application Developer
Publications Editor
Tourism Project Officer

Please log in to <http://www.cardmri.com/hrcareers/> and submit your application.

CARD MRI
CARD Mutually Reinforcing Institutions

Karapatan ng bawat bata ang matutong bumasa at sumulat.

Tara at maging bahagi sa pag-abot ng kanilang pangarap.



Suportahan ang
ZERO Dropout Program

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.cardmri.com/zerodropout/

CARD MRI is a group of institutions that provides community development services including microfinance, microinsurance, capacity building and other social development services to poor women and their families. It operates nationwide.

CARD MRI
CARD Mutually Reinforcing Institutions

Boat Program...¹⁸

technical assistance and transfer of technology sa mga organisadong grupo o kooperatiba na nagnanais magkaroon ng kaalaman at kasanayan upang makapagbigay ng *microinsurance protection* para sa kanilang mga miyembro. Dinisenyo ang BOAT Program para sa mga interesadong mga organisadong grupo (OGs) na walang sapat na pinansiyal at teknikal na kapasidad para mag-organisa ng isang Mutual Benefit Association (MBA) at *microinsurance scheme* sa kanilang samahan.

Pagkalipas ng tatlong taon

o sa pagtatapos ng bisa ng MoA ay maaari nang magdesisyon ang BOAT partner kung sila ay muling magre-renew ng kontrata sa CARD MBA o sila ay tuluyan nang hihiwalay upang bumuo ng kanilang sariling MBA sa tulong ng CARD MBA at RIMANSI.

Hindi magsasawa ang CARD MBA sampu ng iba pang institusyon na bumubuo ng CARD MRI sa pag-iisip ng mga bagong produkto at serbisyo para sa mga pagpapalago ng kabuhayan at antas ng pamumuhay ng marami nating mga kababayan na miyembro ng CARD.



Hijos de San Pablo

Experience our city, our heroes, and our history

For inquiries, please contact us at (049) 562-4309 local 108 or email us at cardmri.corpcomm@gmail.com / corpcomm@cardbankph.com

INTERNATIONAL NEWS

IN FOCUS: CARD MRI SEA IG's Journey

by FAYE OCHOA

To take part in poverty alleviation not only in the Philippines but to other countries as well is the reason why the CARD MRI Southeast Asia International Group (CARD MRI SEA IG) was established.

For more than six years, CARD MRI SEA IG has been developing partnership with other microfinance and microinsurance institutions in the neighboring countries like Lao People's Democratic Republic (Lao PDR), Cambodia, Myanmar, Indonesia, Vietnam, and Hong Kong to achieve a common goal – a poverty-free world. Armed with years of rich experiences and well developed best practices, the institution built on sharing its expertise and technologies with people and other institutions.

In 2016, as CARD MRI strived to reach 8 million poor households in 5 years, thereby touching 40 million lives through insurance coverage (5-8-40); CARD MRI SEA IG intended to step up and strengthen its partnership with other institutions.

Strengthening Indochina through partnerships

CARD SEA IG was able to maintain its partnership with an international funder, the Savings Banks Foundation for International Cooperation (SBFIC). The project agreement aims to strengthen the regional microfinance network in former Indochina and Myanmar which includes six local partner institutions - Vietnam Women's Union / TYM, Fund for Poor Women (FPW), Vietnam Women's Academy (VWA), Lao Women's Union / Women and Family Development-Deposit Taking MFI, Lao Women's Union / Village Funds, Myanmar Development Partners (MDP), CARD Myanmar Co. Ltd., and

SAMIC Plc. (a microfinance institution in Cambodia). Through this partnership, CARD has deployed some experts from the Philippines to give technical assistance (TA) and work closely with the local partner institutions.

Though the Microlead Project with the United Nations Development Fund (UNCDF) officially ended in 2015, CARD, seeing the development of the microfinance industry in Lao PDR, made sure that its presence will continue. Thus, a Memorandum of Understanding (MOU) with the Ekphattana Microfinance Institution (EMI) was signed effective March 1, 2016 to December 31, 2016. Included in the MOU, CARD will provide EMI one local resource person who will assist in its microfinance operations; technical assistance services for capacity building as the need arises through sending CARD International staff; and assist in referring EMI to other donors and/or cooperate with EMI in order to develop the microfinance and microinsurance sectors in Lao PDR.

CARD also initiated in



assisting the Vietnam Women's Union (VWU) Microinsurance Fund in the establishment of microinsurance in Vietnam. As part of CARD's assistance, Ms. Carla Fe Lanoy-Liboon, CARD MBA's Cluster Manager, was deployed in Vietnam in October 2016. Throughout the project she has conducted continuous field monitoring as part of the pilot test assessment and evaluation, and helped in the preparation and submission of Microinsurance Fund pilot test assessment and evaluation report.

The partnership with the Dana Mandiri Sejahtera (DMS) in Indonesia was extended until December 21, 2016. CARD provides DMS continuous TA in microfinance operations.

In addition, as part of the agreement audit and training expert were sent to Indonesia to strengthen the capacity of DMS.

Preparing our OFWs for reintegration

In 2016, the CARD OFW Hong Kong Foundation carried on with its planned activities. The foundation conducted ten batches of Financial Literacy (Regular & Outreach) wherein a total of 393 OFWs received a certificate of completion. There were also two batches of Entrepreneurship Seminar conducted, which were attended by 180 participants. With all the values and lessons that CARD imparted with the OFWs, a total of 34 OFWs returned home

“for-good” and are presently members of CARD.

Expanding our reach in Myanmar

In addition, CARD Myanmar Co. Ltd. focused on the expansion of its microfinance outreach in 2016. With the support coming from the SBFIC, CARD Myanmar was able to establish seven branches in two divisions of Myanmar. As of November 25, 2016, CARD Myanmar was able to serve a total of 6,634 clients in which, 6,269 are clients who avail loan products. Also, two branches of the company already have positive net income - the Thingangyun, and Bago 1 branch. In terms of the company's compliance to the regulations in Myanmar, a great milestone of CARD Myanmar in 2016 was that last August 16 to 23, 2016, the company successfully passed the first MFI Permanent License Evaluation & Assessment, which was conducted by the Finance Regulatory Department (FRD). On October 1, 2016, CMCL implemented the Clients Complaint Management Systems in compliance with the government regulatory requirements.

A remarkable journey

Overall, the journey of CARD MRI SEA IG in 2016 has been remarkable. With the persistent effort of every expert and institution involved, CARD MRI SEA IG's outreach totaled to 197,410 loan clients and 246,229 depositors. As 2016 comes to an end, CARD MRI SEA IG, together with the partner institutions will continue to move forward in reaching and helping the marginalized be lifted up from poverty.



CARD MRI homegrown experts in microfinance and microinsurance braved the Southeast Asian seas to share the tried and tested methodologies and practices to other MFIs and microinsurance institutions.



SAGIP PLAN

Sagip Plan 1700
(Para sa Sarili)

Sagip Plan 2000
(Kasama ang Pamilya)



KabuklodPlan

Personal Accident Benefit
P50,000

Funeral Benefit
P10,000

Fire Cash Assistance
P10,000

P500